# ANG MGA MAY-AKDA

## RENE BOY ABIVA

Si R.B. Abiva ay dating bilanggong politikal. Nagsusulat siya ng tula at maikling kuwento sa wikang Iloko at Filipino. Siya ang awtor ng *Tuligsa at iba pang mga tula* (Pantas Publishing, Lungsod Quezon, 2018); naging kontribyutor sa *Hulagpos: Kalipunan ng mga tula ng mga Bilanggong Politikal* (Selda, Lungsod Quezon, 2016) at isa sa mga patnugot ng *Pandayan ng Paninindigan: Pagbisita at iba pang mga tula ni Ben Concio Quilloy* ( ASCENT, Lungsod Quezon, 2019). Kamakailan lamang ay nasama ang kanyang tula sa antolohiyang *AKDA Volume 5* (Kamandag, Lungsod Quezon, 2019).

## ERICK DASIG AGUILAR

Guro ng mga kursong Humanidades sa UP Visayas– Miagao at pangulo-sa-pagkakatatag ng KATAGA, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas. Ang ilan sa kanyang mga akda ay nagwagi ng Gawad Palanca (Dulang Isang Yugto 2012 at Dulang Ganap ang Haba 2014) at Talaang Ginto (2009 at 2011). Noong 2018 ay napagwagian ng kanyang dulang *Solomon* ang *Premio Universidad Internacional de la Rioja (UNIR) Escenamateur al Mejor Espectáculo Internacional dentro de los Premios Escenamateur "Juan Mayorga" de las Artes Escénicas"* sa Madrid, Espanya.

## DENNIS ANDREW S. AGUINALDO

Nagtuturo si Dennis Andrew S. Aguinaldo sa UP Los Baños. Sinulat niya ang *Bukod sa Maliliit na Hayop*, isang koleksyon ng mga tula na inilathala ng UP Press. Matatagpuan ang ilang burador online sa tekstongbopis.blogspot.com.

## NAP ARCILLA III

Hindi umiiral si Nap Arcilla III. Hindi siya nagmula sa isla-probinsiya ng Catanduanes. Hindi siya natagpuan sa Ikawalong Saringsing Bikol Writers' Workshop, Ikalawang Pambansang Palihang Multi-genre ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Ika-12 Palihang Rogelio Sicat at ika-17 Ateneo National Writers' Workshop.

## GABRIELA BARON

Si Gabriela Baron ay isang periodista. Nailathala ang kanyang mga akda sa Katitikan at chapbook ng Atsara Collective na 'Quickie'. Naging fellow sya sa Palihang Rogelio Sicat at Angono Summer Writers Workshop.

## ALJANE "AJ" BATERNA

Nagtapos si AJ ng Batsilyer ng Artes sa Filipino sa Pamantasan ng Mindanao State University. Siya ay tatlong taong nakapagsilbi bilang guro sa Philippine Science High School System, Zamboanga Peninsula.

## DARREN BENDANILLO

Si Darren Bendanillo ay ipinanganak at lumaki sa lungsod ng Zamboanga at nakapag-aral ng BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas. Naging fellow ng ilang palihan katulad ng Iligan National Writing Workshop, Palihang Rogelio Sicat at Ateneo Writing Workshop. Nailathala ang kaniyang mga tula sa Ani Series ng Cultural Center of the Philippines, Mindanao Harvest 21$^{st}$ century, UST Publishing House Inc., 1st Akdaan Anthology sa Canada, Atlantis, Monster Paper sa Bahrain, at kasapi rin siya sa the Writers Bloc, ang grupo ng mga manunulat ng dula.

## NILES JORDAN BREIS

Si Niles Jordan Breis ay isang premyadong manunulat. Ilang ulit na siyang nagwagi sa Palanca at naging Fellow ng 2018 UP National Writers' Workshop. Nanalo rin siya ng 2018 bilang Grand Winner Ex Aquo ng Valledor Prize for Best Novel. Kasalukuyan siyang nasa Execom ng National Committee ng Literary Arts ng NCCA.

## DR. DEXTER BOMEDIANO CAYANES

Si Dr. Dexter Bomediano Cayanes ay filmmaker at manunulat. Nagwagi na ang kanyang maikling pelikula sa Cinemalaya at mga tula sa Gantimpalang Collantes, Gawad Amado V. Hernandez at sa pinakaunang Gawad Rogelio Sicat. Gradwado ng DFPP-UP Diliman at De La Salle University-Manila. Kasalukuyang tinatapos ang dalawang full length documentary film na PAMANA: Kalinangan ng Mendez, Cavite at Kapuun (Roots) sa Bukidnon, Mindanao.

## CHINA PEARL PATRIA M. DE VERA

Si China Pearl Patria M. De Vera ay naging fellow sa ilang mga pambansang palihan at mababasa ang kanyang mga akda sa High Chair online literary journal, TAYO literary magazine, {M}aganda magazine, ANI journal, Hulagpos, Unrest in Peace Zine at marami pang iba. Nakapagpresenta ng mga papel sa ilang mga kumperensya sa mga unibersidad sa loob at labas ng Pilipinas.

## JOSHUA ALEJANDRO C. DIOKNO

Nagtapos ng BA Araling Pilipino noong 2008 at kasalukyang nag-aaral sa ilalim ng programang MA Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Bukod sa pagsusulat, hilig din ni Joshua ang pagbubuhat sa gym at bloodsport tulad ng Boxing at Muay Thai. Hilig din niya ang pangongolekta ng komiks, action figures, at statues na hindi kaya ng sahod niya bilang isang Copywriter sa isang BPO company sa Makati.

## DJ ELLAMIL

Si DJ Ellamil ay isinilang at nagkaisip sa Mabitac, Laguna. Siya ay naging fellow ng ikatlong Campus Tagaan, ikatlong Amelia Lapeña Bonifacio Writers Workshop (ALBWW), ikaanim na Cordillera Creative Writing Workshop (CCWW), at ikalawang GlobalGrace-UP National LGBTQ Writers' Workshop (NLWW). Nailathala rin ang kaniyang mga akda sa Metro: Antolohiya, at ALPAS Journal.

## ANDYLEEN C. FEJE

Si Andyleen C. Feje, mas kilala bilang Andy ay nagtapos ng Bachelor of Arts in Language and Literature sa Central Luzon State University (CLSU) at kasalukuyang kumukuha ng Sertipiko sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Polytechnic University of the Philippines (PUP). Siya ay naging fellow ng Ikalawang Pambansang Palihang Multi-Genre ng PUP at Ateneo National Writers Workshop (ANWW17). Kasalukuyan din siyang bahagi

ng Atsara Collective, Silay Mata People's Theatre Organization, at Bahaghari - Metro Manila.

## MELENCIO M. FERNANDO JR.

Si Melencio M. Fernando Jr. ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino sa Parada National High School. Kasalukuyang kumukuha ng M. A. Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Nagkamit ng Ikalawang Gantimpala sa 2019 Division Competition ng Storybook Writing sa Schools Division Office ng Bulacan at nakapaglathala rin ng mga dagli sa online zine ng Titik Poetry at LAPIS ArtCom sa kasagsagan ng pandemya.

## VANESSA HARO

Si Vanessa Haro ay tubong Gumaca, Quezon. Siya ay kasalukuyang kumukuha ng MA Psychology sa Lyceum of the Philippines University-Laguna. Napili bilang fellow sa pagtula ng ilang national writing workshops: Palihang Rogelio Sicat (University of the Philippines, 2015); UST National Writers Workshop (UST, 2019); at Iligan National Writers Workshop (Mindanao State University, 2018). Naging Editor-in-Charge in Literary siya ng Opisyal na Pahayagan ng Southern Luzon State University noong taong 2015.

## NORSALIM SALIK HARON

Siya ay nakatira sa Bagoinged, Pikit Cotabato. Nagtapos ng Bacherlor of Secondary Education major sa Filipino noong 2017 sa University of Southern Mindanao, Kabacan Cotabato (USM). Kasalukuyang nagtuturo sa Rajah Muda National High School ng Pikit Cotabato.

## ANA ALGABRE HERNADEZ

Makata, kuwentista, pintor, at awtor ng dalawang libro tungkol sa karanasan ng mga Pinay Flight Attendant. Naging Fellow siya ng UST Creative Writing Workshop at Palihang Rogelio Sicat, at nakapaglathala na ng kaniyang mga tula sa Liwayway. Nakabase siya ngayon sa Ankara, Turkey bilang pangulo ng ASEAN Ladies Circle habang pinaghahadaan ang susunod nyang exhibit.

## KISLAP ALITAPTAP

Si Kislap Alitaptap ay kontribyutor sa mga antolohiyang, Ipuipo sa Piging (2010), Under the Storm: An Anthology of Contemporary Philippine Poetry (2011), Lita: Poems on Women (e-book, 2012), Surges: Outpourings in Haiyan/ Yolanda's Wake (2013), More Than a Red Warrior: Arnold Borja Jaramillo,

Beloved Son of Abra (2015), at Sustaining the Archipelago: An Anthology of Philippine Ecopoetry (2017). Siya ay kasapi ng Baguio Writers Group, UBBOG Cordillera Writers, at Alpha Sigma Fraternity (DLSAU Chapter). Siya ang awtor ng chapbook na Utang na Loob ken dadduma pay (2016).

## JUNLEY L. LAZAGA

Si Junley L. Lazaga ay associate professor sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio kung saan siya nagtapos ng B.A. at M.A. sa Wika at Panitikan at kasalukuyang naglilingkod bilang director para sa gawaing pangmadla. Siya ang editor at tagasalin ng antolohiya ng mga tulang Ilokano, ang *Dandaniw Ilokano: mga tulang Ilokano, 1621-2014* (2015) at editor ng librong *Ang Buhay ni Lam-ang* (2019), kapuwa inilimbag ng KWF at NCCA. Ginawaran siya kamakailan ng titulong University Artist 1 (2018-2020) sa larangan ng panitikan.

## RONEL I. OSIAS

Si Ronel I. Osias ay taga-Angat, Bulacan. Siya ay miyembro ng Midnight Collective, isang samahan ng mga spoken word artist at mga kabataang manunulat. Matagumpay na nailunsad ang kaniyang unang aklat na antolohiya ng mga tula noong 2019 (Danas–July 2019).

## RENZ ROSARIO

Si Renz Rosario ay kasalukuyang Supremo ng BAON Collective, fellow ng Palihang LIRA 2018, dating Ulo ng Panitikan ng QCPU-Creative Student Society na ngayon ay QCPU-Likha, kasapi ng KAMANDAG at Damdaming Nakapaskil, at kontribyutor sa mga aklat ng BAGA (Piling Tula ng mga Fellow ng Palihang LIRA 2018), Salamisim, HAYAG volume 2, RESBAK volume 5, AKDA volume 5, at KOMIDO.

## JOSEPH T. SALAZAR

Si Joseph T. Salazar ay guro sa Kagawaran ng Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila.

## MICHAEL ANGELO VARGAS SANTOS

Nagtapos ng kursong BA Mass Communications sa Malikhaing Pagsulat sa Bulacan State University. Nailimbag ang ilan sa kaniyang mga akdang: *Bitak sa Lupa*; University of Santo Tomas Publishing House, *Kantarilya*, at *Baunan*; Liwayway Magazine (Marso 2019) *Pitas*, at *Overtime*; Liwayway Magazine (Abril 2019), *Paghuhunos*; at *Espasyo* sa Bulgar, Boses ng Pinoy,

Mata ng Bayan (2018).

## ARNOLD MATENCIO VALLEDOR

Siya ay tubong Panganiban, Catanduanes. Nagsalin sa Bikol Norteng Catandungan ng ilang tweets ni Rolando B. Tolentino sa aklat na *#Pag-ibig* (2014) at ng ilang tula ni Allan Popa sa aklat na *Hunos* (2016). Napabilang ang kanyang tatlong tula sa aklat na *An Satuyang Kakanon* sa Aroaldaw na tinipon at isinalin sa Filipino ni Kristian Sendon Cordero taong 2015. Nailathala ang maikling kuwentong *Santiguar* at ang tulang *Tambar/Tambal* sa ANI 40, Cultural Center of the Philippines Literary Journal.